# KAWALAN NG HUSTISYA KAHIT SAAN:
## ISANG PAGTINGIN SA PAMBANSANG PAGSUSURI SA DISKRIMINASYON SA TRANSGENDER MULA SA MGA TUMUTUGONG ASYANONG AMERIKANO, TIMOG ASYA, TIMOG SILANGANG ASYA AT TAGA-ISLA PASIPIKO

Ang Pambansang Pagsusuri sa Diskriminasyon sa Transgender (National Transgender Discrimination Survey) [NTDS] ay nagsiyasat ng 6,456 na karanasan ng mga mga transgender at hindi sumusunod sa kasarian sa walang tigil na diskriminasyon na hinaharap ng mga taong transgender at hindi sumusunod sa kasarian sa halos lahat ng aspeto ng kanilang mga buhay.

Isa sa pinakamahalagang nalaman ay ang kumbinasyon ng laban sa transgender na pagkiling sa istraktura at interpersonal na poot sa lahi ay nangangahulugan na ang mga taong transgender at hindi sumusunod na may kulay, kasama ang mga Asyanong Amerikano, Timog Asyano, Timog Silangang Asyano at Taga-isla Pasipiko [API], ay nakakaranas na parikular na nakakasirang antas ng diskriminasyon. Bilang tugon, ang National Queer Asian Pacific Islander Alliance [NQAPIA] ay nagsosyo sa National Center for Transgender Equality [NCTE] at sa National Gay and Lesbian Task Force upang maghandog ng ulat na ito sa diskriminasyon laban sa API na transgender at mga taong hindi sumusunod sa kasarian.

Ang impormasyon sa ulat na ito ay batay sa mga karanasan ng 212 mga tumutugon na isinalarawan ang sarili nila bilang “Asyano o Taga-isla Pasipiko” o “Asyano o Taga-isla Pasipiko at maraming lahi.” Sa mga tumugon na API, 84% ay mga mamamayan ng U.S. at 16% ay hindi mamamayan.i Nahahambing ito sa pangkalahatang populasyon ng API sa U.S., na binubuo ng 71% na mga mamamayan at 29% hindi mamamayan. Sa kasamaang palad, ang bilang na iyon ng mga API na migranteng tumugon ay hindi sapat ang dami upang makagawa ng makabuluhang pagtatasa. Subalit, sa buong NTDS na ulat, ang mga hindi mamamayan ay nag-ulat ng mas mataas na dami ng diskriminasyon at umaasa kami na ang mga API na hindi mamamayan ay magpapakita ng parehong pattern.

Kapag gumamit ang ulat na ito ng pariralang “dahil sa pagkiling,” tinutukoy nito ang mga tanong sa pagsusuri na nagtanong tungkol sa mga karanasan ng mga tumutugon sa pagkiling na laban sa transgender, ngunit pinakikita din ng mga resulta ang masalimuto na kaugnayan ng pagkiling sa lahi, katayuan sa pagiging migrante, kakayahan sa wika at socio-economic na katayuan.

## MGA PANGUNAHING NALAMAN

- Ang API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao karaniwan ay nakatira sa matinding kahirapan na ang 18% ay nag-uulat ng kita ng tahanan na mas mababa sa $10,000/taon. Mas mataas ito sa rate para sa transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao sa lahat ng mga lahi (15%). Anim na beses ito sa pangkalahatang rate ng populasyon ng API (3%), at mahigit apat na beses sa pangkalahatang rate ng populasyon ng U.S. (4%).[ii]
- Ang API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay apektado ng HIV sa nakakasirang mga bilang. Halos 5% ay nag-ulat na positibo sa HIV at ang karagdagang 10.48% ay nag-ulat na hindi nila alam ang kalagayan nila. Naihahambing ito sa mga rate na 2.64% para sa transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao nang lahat ng lahi, .01% para sa pangkalahatang API na populasyon, at 0.60% para sa pangkalahatang U.S. na populasyon.[iii]
- Apatnapung-apat na porsiyento (44%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay nakaranas ng makabuluhang pagtanggap sa pamilya. Ang mga tumutugon na tinanggap ng mga pamilya nila ay mas hindi nakakatanggap ng diskriminasyon.
- Limampung-anim na porsiyento (56%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay nagtangkang magpakamatay dahil sa diskriminasyon.



## DISKRIMINASYON SA EDUKASYON

- Ang mga tumugon sa API na pumasok sa paaralan na nagpapahiwatig ng transgender na pagkikilanlan o hindi pagsunod sa kasarian ay nag-ulat ng nakakagulat na dami ng panliligalig (65%), pisikal na pagsalakay (39%), at sekswal na pagsalakay (19%) sa K-12; ang panliligalig ay napakalala na nagdulot ito ng pag-alis sa paaralan ng 11%. Anim na porsiyento ang napatalsik din dahil sa pagkiling (6%).

- Ang mga tumugong naligalig at inabuso ng mga guro sa mga K-12 na setting ay nagpakita ng mas malalang kalusugan at kahihinantnan sa mga hindi nakaranas ng nasabing pang-aabuso. Ang panliligalig ng kasamahan at pang-aabuso ay may mas nakakasira ding mga epekto.

**65% ng mga tumugong API na pumasok sa paaralang nagpapahwatig ng transgender na apgkikilanlan o hindi pagsunod sa kasarian ay humarap sa panliligalig**


## DISKRIMINASYON SA PAG-EMPLEYO

- Ang API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay may napakataas na rate ng pagkawalang trabaho na 12%, halos doble ng rate ng pangkalahatang populasyon nung isinagawa ang pagsusuri (7%).[iv]

- Dalawangpung-isang porsiyento (21%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay nawalan ng trabaho dahil sa pagkiling at 41% ay hindi nakuha sa trabaho dahil sa pagkiling.

- Apatnapung-siyam na porsiyento (49%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay naligalig, 8% ang pisikal na sinalakay, at 10% ang sekswal na sinalakay sa trabaho.

- Dalawangput-tatlong porsiyento (23%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ang napilitang magbenta ng droga o gamitin ang sex bilang trabaho para kumita sa ilang punto sa buhay nila.



## PAMAMAHAY AT KAWALAN NG TIRAHAN

- Ang mga API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay nag-ulat ng iba't-ibang paraan ng direktang diskriminasyon sa pamamahay – 21% ang tinanggihan ng tahanan o apartment dahil sa pagkiling at 7% ay napalayas dahil sa pagkiling.
- Labing-apat na porsiyento (14%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay nakaranas ng kawalan ng tirahan sa anumang punto sa buhay nila, halos doble ng rate ng pangkalahatang populasyon ng U.S. (7.4%).[v]

- Ang API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay mas madalang kaysa sa mga tumutugon sa ibang mga lahi na magmay-ari ng mga tahanan na may rate na 18%. Kumpara ito sa 32% ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ng anumang lahi at 67% ng pangkalahatang U.S. na populasyon.vi Para din sa paghahambing, ang U.S. Department of Housing and Urban Development ay nag-ulat na ang "minoridad na pag-aari ng tahanan" sa buong bansa ay 49.7%.[vii]

**21% ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay nag-ulat na natanggihan ng tahanan o apartment dahil sa pagkiling**


## PAGTANGGAP NG PAMILYA

- Apatnapung-apat na porsiyento (44%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay nagsabi na nakaranas sila ng makabuluhang pagtanggap ng pamilya. Ang mga tumutugon na tinanggap ng mga pamilya nila ay mas hindi nakakatanggap ng diskriminasyon.

- Ang mga API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao na hindi tinanggap ng mga pamilya nila ay nagtangkang magpakamatay sa rate na 17% kumpara sa 35% sa mga hindi.

- Ang API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao na tinanggap ng mga pamilya nila ay nakaranas ng kawalan ng tirahan sa rate na 9% kumpara sa 20% para sa mga hindi.

- Ang mga natanggap ng mga pamilya nila na positibo sa HIV sa rate na 2.78% kumpara sa 6.38% sa mga hindi.






## PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

- Ang mga kinalalabasan sa kalusugan para sa mga tumutugon na API ay nagpakita ng nakakapangilabot na mga epekto ng panlipunan at ekonomikong marginalization, kasama ang mas mataas na mga rate ng impeksiyon ng HIV, paninigarilyo, droga at paggamit ng alkohol at pagtatangkang magpakamatay kumpara sa pangkalahatang populasyon.
- Labingwalong porsiyento (18%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay tumanggi sa medikal na pangangalaga dahil sa pagkiling.
- Apatnapung-pitong porsiyento (47%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay nag-antala ng pangangalaga kapag may sakit sila o napinsala dahil sa takot sa diskriminasyon.
- Apatnapung-tatlong porsiyento (43%) ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tumugon at nag-ulat na nagtangkang magpakamatay kumpara sa rate na 41% para sa ng API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ng lahat ng lahi at 1.6% para sa pangkalahatang populasyon ng U.S..
- Ang API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao at paektado ng HIV sa nakakasirang mga bilang. 4.76% ang nag-ulat na positibo sa HIV at karagdagang 10.48% ang nag-ulat na hindi nila alam ang kalagayan nila. Naihahambing ito sa mga rate na 2.64% para sa transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao nang lahat ng lahi, .01% para sa pangkalahatang API na populasyon, at 0.60% para sa pangkalahatang U.S. na populasyon.viii
- Ang API transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga tao ay mas hindi kumukuha ng mga serbisyo sa pagpayo at pangkalusugan ng pag-iisip.  Alam natin na dahil ito sa hadlang sa wika at kultura na may kahihinatnan para sa  API trans na mga taong nais maghanap ng ibang mga uri ng kaugnay sa pagpalit na medikal na pangangalaga na umaasa sa naunang pagpayo.

## BOTO SA METODOLOHIYA

Ginawa ang National Transgender Discrimination Survey at pinatupad ng National Gay and Lesbian Task Force at ng National Center for Transgender Equality. Ang mga link sa on-line na NTDS na instrumento sa pagsusuri ay pinamahagi sa pamamagitan ng network ng mahigit sa 800 trans-serving at trans-led na adbokasya at pangserbisyong organisasyon, pangusportang pangkat, mga list-serve at online na mga social network. Halos 2,000 mga papel na pagsusuri ang ipinamahagi sa mga mahirap abutin na transgender at hindi sumusunod sa kasarian na mga populasyon. Ang kabuuang 6,456 mga nakumpletong palatanungan ay isinama sa huling set ng datos, 212 ang API o API at maramihang lahi.

Isinagawa ang NTDS sa dalawang wika – Ingles at Espanyol Subalit, halos 80% ng API na Amerikano ay nagsasalita ng wikang maliban sa Ingles sa tahanan at 36% ay isinasalarawan ang sarili nila bilang nagsasalita ng Ingles na mas mababa sa “mahusay.”ix Sa kasamaang palad bilang resulta, ang NTDS ay hindi maa-access ng maraming bahagi ng populasyong API. Hindi lang ito nagpapahilig sa mga nalamang pinakita dito ngunit pinakikita ang pangangailangan sa mas mahusay at mas makukuhang mga instrumento ng pagsusuri sa pananaliksik sa hinaharap.  Higit pa, bagaman pinagmamalaki namin na may sapat na tumugong API upang makagawa ng makabuluhang pagtatasa ng datos, marami pang matututunan tungkolk sa mga partikular ng mga karanasan ng indibiduwal na komunidad kung ang aming dataset ay mas malaki at napaghiwalay namin ayon sa etnisidad, pinakikita ang maliit na pagkakaiba ng diskriminasyon laban sa mga pangkat sa iba’t-ibang mga komunidad na Asyanong Amerikano, Timog Asyano, Timog Silangang Asyano at Taga-isla Pasipiko

i Ang ilang mga numero sa ulat na ito ay medyo iba sa mga numero sa ibang mga ulat batay sa NTDS na datos dahil sa pangkalahatan ang mga ulat na iyon ay naghahati ng mga tumutugon na tanging API mula sa mga API na maramihang lahi. Ang API na maramihang lahing tumutugon ay isinama sa pangkalahatang maramihang lahing kategorya. Sa ulat na ito, subalit, ang API-lang at API na maramihang lahing tumutugon at binilang na magkasama.
ii U.S. Census Bureau, “Current Population Survey,” Annual Social and Economic Supplement (Washington, DC: GPO, 2008).
iii The Henry J. Kaiser Family Foundation, “HIV/AIDS Policy Fact Sheet: Latinos and HIV/AIDS” (2006): http://www.kff.org/hivaids/upload/6007-03.pdf; Joint United Nations Programme on HIV/AIDS, “2010: A Global View of HIB Infection” (2010): http://www.unaids.org/documents/20101123_2010_HIV_Prevalence_Map_em.pdf
iv Pintong porsiyento (7%) ay ang rounded weighted average na rate ng walang trabaho para sa pangkalahatang populasyon sa anim na buwan na ang pagsusuri ay ipinamahagi, batay sa aling buwan ang mga palatanungan ay nakumpleto. Tingnan ang pana-panahong naisaayos na buwanang rate ng walang trabaho para sa Setyembre2008 hanggang Pebrero 2009. U.S. Department of Labor, Bureau of Labor Statistics, “The Employment Situation: September 2008,” (2008): http://www.bls.gov/news.release/archives/empsit_10032008.htm.
v United States Conference of Mayors, “Hunger and Homelessness Survey” (2006): 48, http://usmayors.org/hungersurvey/2006/report06.pdf.
vi U.S. Department of Housing and Urban Development, “U.S. Housing Market Conditions, 2nd Quarter, 2009” (Washington, DC: GPO, 2009): http://www.huduser.org/portal/periodicals/ushmc/summer09/nat_data.pdf.
vii U.S. Department of Housing and Urban Development, “U.S. Housing Market Conditions, 2nd Quarter, 2009” (Washington, DC: GPO, 2009):http://www.huduser.org/portal/periodicals/ushmc/summer09/nat_data.pdf. Hindi tinukoy ng HUD ang :minoridad: sa ulat na ito.
viii The Henry J. Kaiser Family Foundation, “HIV/AIDS Policy Fact Sheet: Latinos and HIV/AIDS” (2006): http://www.kff.org/hivaids/upload/6007-03.pdf; Joint United Nations Programme on HIV/AIDS, “2010: A Global View of HIB Infection” (2010): http://www.unaids.org/documents/20101123_2010_HIV_Prevalence_Map_em.pdf
ix U.S. Census Bureau, “Selected Population Profile in the United States - 2010 American Community Survey 1-Year Estimates” (2011): http://factfinder2.census.gov/faces/tableservices/jsf/pages/productview.xhtml?src=bkmk

Para sa buong ulat at mga detalyadong rekomendasyon, pakibisita ang aming mga website sa www.TheTaskForce.org o www.TransEquality.org (tingnan ang: http://www.thetaskforce.org/reports_and_research/ntds o http://transequality.org/Resources/index.html)

National Gay and Lesbian Task Force

National Center for TRANSGENDER EQUALITY

NQAPIA A FEDERATION OF LGBTQ ASIAN AMERICAN SOUTH ASIAN SOUTHEAST ASIAN & PACIFIC ISLANDER ORGANIZATIONS